Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Enero 14, 1951

UNIVERSITY OF THE
LIBRARY
JAN 17 1951



INIHAHANDOG NG PREMIERE PRODUCTIONS, INC.
ANG PELIKULANG KATATAWANAN NG BAGONG TAON

# "LABIS na PAGTITIPID"

MGA BITUIN

**ARSENIA FRANCISCO ★ REYNALDO DANTE**

**LOPITO**

PINAMAHALAAN ni CONSUELO P. OSORIO,

**SINE DALISAY ENERO 17-26**



NIDA BLANCA
Isang bagong tuklas na
bituin ng LVN Pi...



LARAWANG KUHA SA SEOUL, punong lungsod ng Republika ng Korea, nang hindi pa napapasok ng mga pulahan. Makikita ang trak-trak na mga sako ng bigas na ipinamamahagi ng mga pinunong Koreano sa mga nangangailangang taong bayan. Ang malaking bahagi ng mga bigas na iyan ay buhat sa mga bansang di makapagpadala ng tulong na militar sa Timugang Korea at ang ipinagkakaloob ay mga tulong na pangkabuhayan na gaya ng pagkain, gamot at damit. Ngayon, ang malaking bahagi ng Seoul ay nawasak at naging abo dahil sa ginawang pag-urong ng Hukbo ng Magkakaanib nang ang lungsod ay mapasok ng mga pulahan. (USIS.)

# Dalawang Mahalagang Lungsod Sa Korea Na Nasalanta Sa Pag-urong Ng Magkakaanib...



ANG NAKALALAGIM NA TANAWIN sa dalampasigan ng Hungham, Korea, nang mga sandaling iniiwan ng nagsisiurong na kawal ng Nagkakaisang mga Bansa. Ang makapal at pumapailanglang na usok ay likha ng pagsabog ng mahahalagang kagamitan at himpilang napilitang wasakin ng hukbo ng Magkakaanib upang di pakinabangan ng mga kaaway. (International News Soundphoto.)





**NAITO ANG PARAAN UPANG MALAGPASAN ANG MAHIHIRAP NA SAGWIL AT MAALIS ANG INYONG SARILI SA KAGIPITAN.**

Ang pagdudulot sa inyong mga paa ng kinakailangang kaginhawahan at pag-aalaga ay hindi mahirap na suliranin sa panahong ito; hindi kapag matatagpuan ang magilos at niyari nang buong husay na mga sapatos na gomang may tatak JACINTO. Sa katotohanan, ang mga ito'y bukang-bibig sa lahat ng tahanan dahil sa kaginhawahan, pagtatagal, katipiran. Bumili ng isang pares ngayon at lasapin ang malaya at masarap na karanasang "tila kayo lumalakad sa alapaap"!

SA LAHAT NG PANGUNAHING
TINDAHAN NG SAPATOS
AT BAZAR



Jacinto RUBBER & PLASTICS CO., INC.

5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal
Tel. 2-67-67

# MGA BALITA SA LARAWAN BUHAT SA KABILANG IBAYO NG DAGAT

(USIS)






**HINDI MAAARING "MANGAYUPAPA" SA KOMUNISTANG TSINA** sa pagsisikap na matigil ang labanan sa Korea, anang Punong Ministro Clement Attlee ng Inglaterra, sa isang pulong ng National Press Club na idinaos kamakailan sa Washington, D. C. Makikita sa larawan nang nagtatalumpati ang Punong Ministro sa harap ng mga kagawad ng kapisanan ng mamamahayag.



**ISANG MEDALYA NG KARANGALAN** ang iniukol sa yumaong si Al Jolson, bantog na mang-aawit at artista sa Hollywood, na namatay kamakailan pagkatapos maglakbay sa Hapon at Korea upang aliwin ang mga kawal ng Nagkakaisang mga Bansa. Ang medalya ay isinabit sa anak na lalaki ng yumaong mang-aawit (kanan) ni Heneral George C. Marshall ng Estados Unidos sa isang seremoniang ginanap sa Washington. Ang na sa kaliwa ay si Mrs. Jolson.



**MAHIGIT SA 11,000 BABOY, TUPA, KABAYO AT BAKA** ang itinanghal kamakailan sa International Livestock Exposition sa Chicago, Illinois. Ang may 1,685 librang bakang na sa larawan ay siyang napili ng mga hurado na "Dakilang Kampeon ng Palabas", at pinagkalooban ang may-ari, si Robert Lazear (gitna) ng Wyoming, ng isang tropeong makikitang iniaabot ni Mr. Jess Andrews, pangulo at tagapamahala ng eksposision.

# Ang Pangulong Quirino, Sa Piling Ng Mga Kilalang Mamamayan Ng Bansa...



Pinarangalan ng Pangulong Quirino sa isang tanghalian ang ilang matataas na pinuno ng pamahalaan na dumating kamakailan buhat sa iba't ibang panayam na pangdaigdig na ginanap sa labas ng bansa Kabilang sa mga dumalo sina: Senadora Geronima T. Pecson, Kint. at Gng. Diosdado Macapagal, Kint. at Gng. Jose Roy, Hukom Potenciano Pecson, Dr. at Gng. Florentino Herrera, Jr., Hukom Fidel Ibañes, Jose Generoso, Manuel de Leon, at marami pang iba.



Nang makipagkita kamakailan sa Pangulong Quirino ang Alkalde Manuel de la Fuente at ang ilang kilalang mamamayan upang ihandog ang kanilang paglilingkod sa pangingilak ng abuloy ukol sa pondo sa kapayapaan. Kabilang sa larawan, bukod sa Alkalde de la Fuente, sina: G. Exequiel Villacorta, Gng. Paz Cuerpo-Cruz, Pia Ubaldo Luzano, Josefa Martinez, at Aurea del Carmen.



Ang Pangulong Quirino ay nakipanayam kamakailan sa mga kagawad ng Lupon Patnugutan ng Land Settlement and Development Company at pinag-usapan ang mahahalagang bagay ukol sa pagpapaunlad at pangangalaga sa lupa sa kapakanan ng mga mamamayan. Na sa kaliwa ng Pangulo si Salvador Araneta, kalihim sa pang-ununay na pangkabuhayan. Ang iba pang kagawad ng lupon ay sina Luis Lichauco, Eugenio Baltao, Marcelo Adduru, Juanito Ledesma at Gng. Vay Marking.


PRODUKTO NG KARANASAN...



Sa 15 taong paglilingkod simula nang itatag ang aming pagawaan ng sapatos ay nananatili ang mataas na uri ng mga sapatos na BESA'S... sapagka't naidudulot namin sa mga mamimili ang mga sapatos na maginhawa sa paa, tumatagal, magilas at katangitangi ang pagkakayari — na ginagamitan ng mga tunay na katad, takong at suelas na yari sa Amerika.


Ngayon ay ang BESA'S lamang ang nagpapanatili sa kaunaunahan at walang bayad na pagkuha at paghahatid ng sapatos na ipinaaayos at ipinalilinis sa Pilipinas. Ang mga paglilingkod ng BESA'S sa lahat ng kanyang suking nakatira sa loob ng lungsod at ng mga bayang kanugnog ay napaluwag sa pagkabili ng isang maliit na trak na ginagamit sa paghahatid. Nalalaman ng may kakayahan na mga kawani nito ang gawain sa paggawa, sa pag-aayos at paglilinis ng sapatos mula sa "A" hanggang "Z."

Sukat ang tawagin ang BESA'S kung nangangailangan kayo ng mabuting paglilingkod para sa inyong mga sapatos... SA ANO MANG PANAHON.

BESA'S
CUSTOMBILT SHOES
&
SHOE SHINE

BESA'S
CUSTOMBILT & SHOE SHINE
112-114 Plaza Goiti, Manila

# MGA SUSUNOD NA PELIKULA NG PREMIERE



Si Kapitan Bagwis (Efren Reyes) at ang kanyang kanang kamay na si Aklan (Arturo Lerma) ay nakahanda na namang makipagsagupáan sa isang pangkat ng kaaway, samantalang ang kanilang mga tauhan ay nangakatalaga ring makipaghamok. Iyan ay isang tagpo sa "KAPITAN BAGWIS" ng Premiere Productions na malapit nang itanghal.








Ano kaya ang magiging katumbas ng salaping iyan na ipinagkakaloob ni Naty Rubi sa isang pinuno ng masasamang-loob...? Ang katugunan ay mababatid sa "SA ORAS NG KASAL" ng Premiere na sisimulang itanghal sa Sine Life sa ika-21 ng buwang kasalukuyan. Ang pelikulang iyan ay pinamahalaan ni Direktor Eduardo de Castro at pinangungunahan nina Arsenia Francisco, Jose Padilla, Jr. at Enrico Pimentel.

# May LIHIM Ang AGOS

**ni Jose Celmira Payao**

UNGAAA... ungaaa...

—Hmmm... —aboy ni Fidel, at sa pigi ng kalabaw ay sumaltik ang dulo ng lubid.

Saka pa lamang pumatuloy ang paumat na hakbang ng mga paang namimigat ng kalabaw, na nauntol dahil sa panginginain sa nasaludsod na damuhan.

Para kay Fidel ay tinanghali siya nang gising nang umagang yaon; kaya, kailangan niyang kumilos na nakikipag-unahan sa panahon... nakikipaghabulan sa mga sandali...

—Hmmm... hmmm... —badyang pagpapatigil ni Fidel.

Umus-os si Fidel sa likod ng kalabaw; natipi ang mga damong umatang sa bigat ng kanyang talampakan, at nabasag ang mga hamog na bumasa sa kanyang mga paang may kulapol ng natuyong putik.

Makaapat niyang inulit ang buhol ng lubid sa pinagpugalang katawan ng tinibang saging bago matiwalang inilagak ang pananatili roon ng kalabaw, na noon naman ay maagap nang nanginginain sa nakalatag na lungtiang damuhang umusbong-tumaas nang lumipas na magdamag.

Ang katahimikan ng tubig sa sapa ay kumilapsaw nang maghabulan ang mga along pumabilog sa mga paang inilusong ni Fidel. Ang kulapol ng putik na naagnas sa kányáng balat ay isinusulak ng tilamsik na lumulukso sa agos na patuloy na unuusad... namamaybay... dumating-dumaan...

Aahon na lamang si Fidel, ay kung anong lakas ang pumigil sa huli niyang hakbang na ikinalubsok uli sa tubig ng kanyáng isang paang naituntong na sa lupang kabasagang-alon.

Nilusong uli ni Fidel ang gitna ng sapa at pasalungang isinalok sa agos ang palad na nakaumang sa inaanod na bulaklak na hinihigop sa kanyang kinalulunuyán.

—Sariwang rosas.... at kapipitas lamang! —pamanghang saad ni Fidel. —Pero bakit tangay-tangay ng agos?...

Sa pangdinig ni Fidel ay parang tugong sumadlak ang mga yabag, na kapagkuwa'y nawaksi sa kanilang paghaharap.

—Kayo ba... ang nakakuha ng bulaklak na iyan, —anang tinig na maamo na mula sa masintahing anyo ng babaeng kaharap ni Fidel.

—Sa inyo pala ito, kung gayon... —tugon ng binata.

—Hmmm... hindi ko nga hu namalayang nalaglag, —paliwanag ng dilag, —kundi nang masalat ko na lang na wala sa aking buhok.

—Salamat sa umagang ito, at pinaging mapalad ako na masagip ang inyong bulaklak na inanod, Miss...

—Flora ang pangalan ko.

—Ako naman ay Fidel, —saka iniabot sa bagong kakilala ang bulaklak na nasagip sa sapa.

—Ito ang pinakamaganda sa mga napitas ko, kasi... kaya nang matanawan kong inaanod sa malayo, ay hinabol ko; salamat at...



**Hindi nababatid nina Fidel at Flora... ay lihim silang sinusubaybayan ni Donya Bebang... (Kagandahang loob nina Efren Reyes, Anita Linda at Patria Plata na mapapanood sa "Kapitan Bagwis" ng Premiere Productions.)**

Hindi natapos ni Flora ang kanyang sasabihin nang mapasakamay ang nasagip na rosas; sa halip, ay dinala iyon ng kanyang mga daliri sa buhok upang ipahiyas sa lalo pa niyang ikapanghahalina — sa harap ni Fidel, marahil.

Ang pagkamaagap ni Fidel ay nabunton sa kanyang mga daliring nakipagsalitan sa mga daliri ng binibini sa pag-iipit ng bulaklak sa buhok nito.

Ang anino ng dawala ay paminsan-minsang nababasag sa mukha ng tubig, kung sa kanilang pagtatawanan ay nasasalisol ng kanilang mga paa ang kristal na agos sa sapa.

—Kailan naman ang inyong balik sa Maynila, —di kawasa'y nauntag ni Fidel, nguni't ang panglulungkot ay nakalingkis sa kanyang tinig.

—Wala pang katiyakan; ang itatagal namin dito ay na sa kagustuhan ni Mama, —at pinaglagos ni Flora ang kanyang paningin sa liblib na kabatuhang pinangungublihan ng palikaw-likaw na sapa.

—Sapagka't walang sapa sa Maynila, ng ganitong tanawin, ay magunita mo pa kaya ang pook na ito kung ikaw ay inaalinsangan o kung madama mong nauuhaw ka sa kalamigang matatagpuan lamang dito sa aming nayon?

—E... ewan ko; may tabing-dagat naman doon na mapagpapalipasan kung ibig sumagap ng sariwang hangin...

Sa pagitan nila'y humawi ang namuong alingawngaw na nagbuhat sa di kalayuang kasagingan na kapwa nila ipinagsalubungang-titig.

—Ungaaa... ungaaa...

Napakislot sa pagkakasalagmak sa malaking tipak na bato si Fidel; napasunod din si Flora.

—Sandali lang, Flor, ililipat ko ng tali ang kalabaw ko; inabot na siya ng init!

—Nalibang nga pala tayo! Uuwi na rin ako, Fidel... baka maghanap si Mama.

—Kailan tayo magkikita uli? —habol ng binata.

—Bukas, Fidel!

Malayo na si Flora, nguni't malapit ang kanyang tinig na umaagting sa himaymay ng puso ng naiwang binata.

Mga nilikhang pinagtiyap palibhasa ang pang-unawa at damdamin, kaya ang pag-asam sa pangako ng isa't isa ay napigtal na dahon sa sanga ng katuparan. Ang paghihintay ni Fidel sa bukas ni Flora ay sinundan pa uli ng maraming bukas ni Flora na lalo lamang pinanabik-nabikan ni Fidel.

Ang halatang-halatang kasiglahan ni Fidel ay nag-usbong ng pagtataka sa mapakiramdaming kalooban ng matanda na niyang ama; nguni't namumulaklak sa kasiyahan! Si Flora ay gayon din sa kanyang Mama, si Donya Bebang; lamang ay katumbalikan, sapagka't ang nahasik ay malikot na hinala sa mapagpasiyang isipan ng kanyang ina, dahil sa tuwing umaga ay hindi siya masumpungan sa tinutuluyan nilang bahay ng kanyang aleng na sa gilid ng sapa.

Nang minsang natanawan ni Donya Bebang si Flora na papauwing namamaybay sa gilid ng sapa, malayo-layo pa'y sinalubong na siya.

—Tuwing umaga ay hindi kita makita rito sa bahay, bakit ba? —patakang usig ng ina.

—Sa umaga lang naman bagay sumagap ng hangin, Mama e!

—Tila nagayuma ka ng hangin at inuma-umaga mo na... a! —may himig panunudyo ay badya ng matandang babae.

—Nagpapakasawa lamang ako sa tanawin dito samantalang hindi pa tayo nagbabalik sa Maynila... pag naroon na tayo ay pawang alikabok naman ang masasagap ko...

—Siya, siya na...

Kapanglalaglag pa lamang ng mga hamog nang umagang iyon ay tinutunton uli ni Flora ang kanyang mga bakas na iniwan sa pamamaybay sa tabing sapa nang sinundang araw. Tinutultol niya ang palikaw-likaw na kahabaan ng sapa hanggang sa kabatuhang pinangungublihan nito... doon sa liblib na tagpuan nila ni Fidel!

**(Buklatin sa pahina 13)**

# Ang SULAT Ni Sonya

NAGPANGAWING ang langit-ngit ng hagdang kawayan sa pagmamadaling makapanhik agad ni Perla. Nang wala siyang datnan sa loob ng maliit na kabahayán áy nilampasan ang pintuan sa kusinaan. Ipinakadukwang-dukwang pa ang kanyang dibdib at nang maipatda ang paningin sa isang panig ng kanilang looban ay umalingawngaw ang kanyang tinig na may sigla at pananabik.

—Ka Pablo... Ka Pablo... —at kinawayan ang binatang noon ay sumasalok sa talaga. —Parini ka, madali... may sulat si Sonya; si Sonya, may sulat sa atin!

Kitang-kita ni Perla ang maagap na pag-igtad ng kanyang nakatatandang kapatid, na ikinaligwak tuloy ng nalamnan nang balde dahil sa naurungan nito.

Narinig ni Perla ang mga yabag sa hagdang kawayan ng papanhik niyang kapatid, kaya nang salubungin niya ito ay nagpang-abot sila sa kabahayan.

—Sumulat si Sonya, ha?... sumulat si Sonya? —abot-abot ang pagtatanong ni Pablo na hinahabol ang paghinga.

—Oo, at babasahin natin... —kasaliw pa rin ng pananabik ang tinig ni Perla.

—Ako na kaya ang babasa...

—Hamo na 'ko; ako naman ang tumanggap e!

Humakbang si Perla na pasabalkonahe at sa kanyang likuran ay halos nakikipag-unahan din ng pagsunod si Pablo.

Pinilas ni Perla ang isang dulo ng sobre, at hinugot ang liham na kinabuhusan ng kanilang pananabik na magkapatid.

—Sige, basahin mo na, Perla...

—Basta tumahimik ka; masyado ka namang apurado! —tumikhim si Perla... at naramdaman niya ang kurot ni Pablo.

—Aruuuy... itatago ko ito, hala?

—Basahin mo na sabi e, ibig mo bang agawin ko pa yan?

—O...o, babasahin ko na; basta't tumahimik ka sabi e... O, ito, ha? Babasahin ko na...

"Mahal kong Perla...

Ako'y sinapit na walang kapansanan ng iyong liham; salamat sa Poong Bathala at pinangangalagaan Niya ang aking kalusugan. Nanariwa sa aking gunita ang masasayang araw nang aking pagkapagbakasyon diyan sa inyo sa bukid. Naalaala ko tuloy ang dalisay na gatas ng kalabaw na umagang-umaga pa ay inihahanda na ni Pablo, na ngayon ay hindi ko na masumpungan dito sa lungsod. Natatakam tuloy ako sa makatas at bagong pitas na atis, sa matamis na makapuno at keso sa dahon... Ang lahat nang iyan ay gustong-gusto ko!..."

—Kung ganito nang ganito ang palaging idudulot sa akin sa Maynila, ay magdadalawang laki siguro ang aking katawan, —pagpaparangalan ni Sonya, isang umagang magkakaharap sila sa agahan ng magkapatid at ng magulang nito, sa bukid.

—Sinasamantala ko lamang ang pamimitas ng mga hinog, habang nagbabakasyon ka rito sa amin, —mahangaring saad ni Pablo, na madaling binawi ang titig sa nagsalitang dalaga. —Pag-alis mo'y wala na rin akong mapipitas na mga hinog! —ang dugtong pa na ikinatikhim ni Perla.

—Kapag naririto lamang pala si Sonya kaya nagkakahinog ang mga bungang-kahoy sa ating looban, ha? —natatawang naghihiro ni Na Meting na kanilang ina.

—Ang ninang naman! —paramdam na pahiwatig ni Sonya.



"...Ngayon ay bumabalik sa aking alaala ang mga sandaling ako'y ipinapasyal ni Pablo..." (Kagandahang loob nina Fernando Poe at Norma Blancaflor na nagsisiganap ng mga pangunahing papel sa "Sigaw ng Bayan" ng Royal Production.)

—Baka nga naman!..

Napayuko ang pinag-uusapan; makahulugang nakatitig sa kanila sina Na Meting at Perla.

"...Ngayon ay bumabalik sa aking alaala ang mga sandaling ako ay ipinapasyal ni Pablo sa gilid ng sapa; ang aming pagtatawanang bumubulabog sa mga ibong na sa sanga ng punong datiles na nakayungyong sa aming pamamahingalay; ang aming pananalunton sa maputik na pilapil, na sa aking pagdulas ay mga bisig ni Pablo ang umaagap..."

—Ay! muntik na akong maputikan... salamat at naalalayan mo ako, —hinigpitan lalo ni Sonya ang kanyang pagkakadaop sa palad ng binatang taga-lalawigan.

—Dito na tayo mamaybay; pinakamalapit ito sa sapa, —mungkahi ni Pablo.

—Siyanga, nang makasilong naman tayo; naiinitan na nga ako... ikaw ba'y hindi?

—Ikaw nga ang inaalaala ko; hindi ka sanay sa arawan, ang kaputian mo'y baka pangitimin ng init, ang ganda mo'y baka...

—Naman... —sinsay ni Sonya na pumutol sa sasabihin ni Pablo.

"At ngayong anyayahan mo akong magliwaliw riyan at tuloy makipamista, ang pananabik kong makatugon sa iyong kahilingan ay lalong nag-iibayo habang nalalapit ang araw ng inyong taunang pagdiriwang. Hindi ako mapalagay lalo't kung naaalaala ko ang lubos na kasiyahang tinamasa riyan noong nakaraang taon. Minadaling-araw pa nga tayo nang pag-uwi dahil sa nakawilihan nating panonood ng sarsuwela, hindi ba? Hindi tuloy nakapaggapas si Pablo kinabukasan, sapagka't napuyat din sa pagtatanod sa ating dalawa sa buong magdamag na itinagal ng palabas."

—Naparamay pati si Pablo sa ating pagpupuyat, —saad ni Sonya, kinabukasang sila'y nagsasalo sa tinanghaling-almusal. —paano'y ang ganda-ganda ng labas... wiling-wili akong manood ng gayong mga drama; sa Maynila nga'y lagi akong pumapasok ng sine kapag din lamang may "stage show."

—Sa panghaharana nga ay nakapagpupuyat iyan e...

—Aba, si Perla... kailan ako nangharana? —tutol ni Pablo.

—Oy... oy... kailan pa raw? Ipinagkakaila... ipinagkakaila...

"Sa iyong liham ay hinihiling mong ako ay muling makipamista riyan. Oo, Perla..."

Pinutol ni Perla ang pagbabasa ng liham ni Sonya, at tiningala ang kapatid na binata. Nahalata niyang natitigilan si Pablo at ang isipan nito ay parang lumilipad sa kung saan, disin ay nagbunsod ito upang huwag niyang patlangan ang pagbabasa ng liham ni Sonya. At siya na rin ang nakapanaig na magsalita.

—Hoy! Akala ko ba'y nakikinig ka, e bakit ka nakatingin sa malayo?

Parang nabigla pang napatitig sa kapatid si Pablo.


—Ha? A... aba, hindi, hindi

(Buklatin sa pahina 13)

ni Antonio Gaelo Rañola

# PANGUNGULILA

**Ni Celestino N. Aprieto**



Naglakbay ang kanyang alaala sa isang nayon... sa isang bahay na pawid na pinananahanan ng mga kaluluwang naghihintay sa kanyang pagbabalik. (Ang larawang iya'y kuha sa "Labis na Pagtitipid" ng Premiere na tinatampukan nina Arsenia Francisco, Reynaldo Dante at Lopito.)

## I

ISA siyang mistulang kalansay doon sa marumi at maalinsangang kanlungan; isang hapung kaluluwang pinanglupaypay na ng pagod at gutom. Malalalim na mata; humpak na mga pisngi; pipis at tuyong mga labing malaon nang pinagtampuhan ng kislap at ngiti ng kagalakan. Ang gahak niyang kasuotang matagal na ring umasam ng pamamahinga ay nakukulapulan ng makapal na alikabok at putik na inabot na ng pagkatuyo. Nag-iisa siya; ang tanging kapiling niya'y isang kalawanging ripleng nakasandig sa kanyang dakong kaliwa. Sa kaitaasa'y nakatunghay ang maáliwalas na langit... bughaw na bughaw ang walang hanggang kalawákán. Malayo ang kanyang inilsip; lumilipad sa panginorin; naglilwaliw ang kanyang uhaw na diwa doon sa ilang na pook na una niyang kinagisnan; doon sa munting nayon na unang sumaksi sa makulay niyang kamusmusan; sa mga yumuyukong kawayang nag-iingat ng kanilang mga lihim ni Rosing kung ang gabi'y natatanglawan ng bilog na buwan at nagkukutitap na mga bituin; doon sa isáng bahay na pawid na pinananahanan ng mga kaluluwáng alam niyang nananabik at naghihintay sa kányáng pagbabalik, mga kaluluwang lagi nang dumadalangin sa maaga niyang pag-uwi.

## II

"Maneng, dali-dalìin mo nga ang pag-aakyat ng tubig."

"Ikaw, Anita, lagyan mo ng bigas ang pinggan sa ibabaw ng mesa."

"Inang, ayaw hong mamatay itong dumalaga, eh!!"

"Gitlan mo ng leeg, Babae."

"Kanina pa ho putol ang ulo."

"Hoy, Tonya, tingnan mo kung tapos na ang Ama mong maggiling ng galapong. At pagpanhik mo'y tangayin mo tuloy ang kinudkod na niyog di yan sa silong."

"Inang, kapos ho ang mantika."

"Pabilhin mo si Efren kina Nana Tikla."

"Ikaw, ano ang ginagawa mo? Idarang mo ang dahon ng saging sa kalan. Huwag sana kayong makukupad. Mainit na ang araw, ah!"

"Sino baga 'yang tumatawag? Tingnan kung sino ang tumatawag sa lupa. Tila ang inyong Impo... alalayan ninyo sa pagpanhik."

"Ang Impong Mameng nga ho, Inang. Sasama raw sa atin sa pagdadala ng pagkain sa Kuya."

"Ang basket, ang basket, Anita? Aba, tatanghaliin tayo. Gugutumin ang Kuya ninyo. Gusto ba ninyong magutom ang Kuya ninyo?"

"Aray, Inang, napaso ako ng mangit! Tingnan ninyo, mapulang-mapula ang hintuturo ko!

"Mabuti nga sa 'yo... hayun sa banggera ang langis ng niyog. Lagyan mo. Huwag sanang pataypatay."

"Ang Ama ninyo? Tawagin ninyo't lalakad na tayo. Madali!!! Tingnan kung handa na ang kareta, mga bata."

"Hoy, Inggo, saan bang hukay ang kanlungan na siyang sabi ng anak mo?"

"Aywan ko ba, Milya. Hindi ko na matandaan. Akala ko'y ilan lamang hukay mayroon dito. Katakot-takot itong natatanawan ko, ah... Hiya-a-a-a...!!"

## III

Napaigtad ang kawal sa kanyáng pagkakalupasay. Kumislap ang mga mata. Nakintal sa mga labi ang wari'y nahihiyang ngiti. Nagbalong ang malayang luha sa kanyang mga mata. Marahang umunat at isinungaw ang mukha sa bunganga ng kanlungan. Limot na ang panganib na nagliipana sa larangan; limot na ang kamatayang naghihintay sa labas ng kublihan. Ang tanging naghahari sa kányáng lupaypay na damdamin ay malapit na sa kányáng kinaroroonan ang mga mahal sa kanya at naghahanap... ang kańyang ina; ang kanyang ama; ang kanyang Impong Mameng; ang kányáng mga kapatid na paraparang malalapit sa kanyáng nangungulilang damdamin. Luminga-linga siya. At sa balintataw ng mga hilam niyang mata'y naaninaw niya ang malabong larawan...

## IV

Isang papalapit na karetang hila-hila ng isang matabang kalakian ang dumarating. Nagkakaingay ang mga sakay. Kinakawayan siya ng mga "kutong lupa" -- ang mga paslit niyang kapatid. Matulin ang takbo ng matabang kalakian. Hayun ang kányáng Ama sa dati niyang maramot na ngiti; hayun ang kanyang ina—unat ang mga bisig; may naglalandas na luha sa mga pisngi. Ang kanyang Impong Mameng ay walang malamang gawin sa pagsaway sa mga "kutong lupa." Mabilis Kalakian. Hindi nagbabago ang maglias na paghakbang ng kanyang alaga.

Sa gawing likura'y natanaw niyang humahabol si Cesar. Humihingal na waring kay layo ng pinagmulan. Walang pagbabago ang ayos. Suot din ang malapad na sumbalilong balanggot at ang salawal na kundiman ay nakatiklop ng hanggang tuhod. May ngiti siya... **'hinihintay ka ni Rosing'**... ang tila mga katagang nais bukhin sa kányáng mga labi. Ipinikit pa nito ang isang mata; ang pikit na yaon ang nagpapaunawa ng lahat: nagpapagunita ng luksa subali't sariwang alaala — ng gabing...

"Peping, magbalik ka agad, hane? Hihintayin kita. Lagi kong idadalangin sa Maykapal ang iyong kaligtasan." humihikbi si Rosing. May mga butil ng luhang nakapanungaw sa kanyáng mga mata.

"Hayaan mo't babalik ako pagkatapos ng digmaan. Babaunin ko sa aking pag-alis ang iyong pagmamahal; ang iyong mga dalangin." Walang pangiming ibinilanggo ng binata ang humihikbing dalaga sa kanyang mga bisig. "Huwag ka nang umiyak." ang bulong nito, subali't patuloy ang dalaga sa pagluha.

Isang munting dasalan ang iniabot ni Rosing sa binata. Inihatid sila sa tarangkahan. Hindi sila hiniwalayan ng tingin hanggang sila'y maglahong ganap sa karimlan ng gabi.

Nang sapitin ni Peping ang kanilang dampa'y hindi nalihim sa kanya ang kalungkutang naghahari sa boong kabahayan.

"Anak ko, huwag ka nang umalis. Huwag mo kaming iwan." Hindi napigil ng kanyang ina ang malakas na panangis.

"Huwag kayong umiyak, Inang; sandali lamang ako." Masuyo niyang hinagod ang pi-

(Buklatin sa pahina 15)

# Inihahandog ng PURICO ang




# GRATIS

**KAYO BA AY LUBOS NA NASISIYAHAN SA INYONG PAGKAIN? ANG INYO BANG MGA LUTUIN AY NAKASASABIK. . . NAKAPAGPAPAGANA. . . MALASA . . .AT MALINAMNAM?**

Opo, Purico ang makapagbibigay ng lahat ng ito! Ang Purico ay pino, dalisay, at laging sariwa. . . kaya't ito'y tanging paborito ng mga tagapagluto't maybahay sa buong kapuluan!

Ito ay napakainam humalo sa anumang sangkap—maging isda, karne, gulay o arina. Purico lamang ang makapagdudulot sa inyo ng tagumpay sa paggigisa, pagpiprito, at paghuhurno!




Wika ni Purita: "Tiyaking Purico ang inyong mabili!!!"

## TINGNAN NINYO!

Maaaring maganap ninyo ang inyong pangarap — isang bahay at lupa, saan mang dako sa Pilipinas! Ito'y handog na GRATIS ng PURICO!

Opo, ang bahay at lupang ito ay siyang dakilang gantimpala sa madali at pinakamalaking timpalak na ito! Ang bahay na inyong ginugunita... ang tahanang naipangako sa inyong sarili... ang bahay na may hardin na magiging laruan ng inyong mga anak! Ito... ang taglay ng gintong pagkakataon... ang kasagutan sa inyong mga pangarap!

Itong bahay at lupa ay isa lamang sa **2,128** na gantimpala na inihahandog sa Timpalak ng Purico... 7 ang unang gantimpala na tig-**₱1,000** ang bawa't isa; 20 ikalawang gantimpalang tig-**₱100** ang bawa't isa... at iba pang mga mahahalagang premyo na ang kabuuan ay ang halagang **₱25,000.00**.




Kaya't... samantalahin ang pagkakataon... ipadala agad ang inyong mga lahok! Sundin lamang ang madadaling patakaran ng timpalak! At **tandaan...** ilakip sa bawa't lahok ang dalawang (2) **takip na may dila** ng 1-lb. o ½-lb. karton ng Purico!

## BASAHIN ANG MGA PATAKARANG ITO!

1. Kahi't sino ay maaaring lumahok sa timpalak na ito maliban sa mga kawani at mga ahenteng-tagapahiwatig ng Philippine Manufacturing Company at ang kanilang mag-anak. Mga naninirahan sa Pilipinas lamang ang maaaring lumahok sa timpalak na ito.
2. Ang timpalak na ito ay binubuo ng tatlong "TEST." Kailangang ipadala ang sagot sa tatlong "TEST" upang mapasali sa pagpapasiya sa mga gantimpala.
3. Ang timpalak na ito ay magsisimula sa Enero 13, 1951 at matatapos sa Marso 17, 1951. Ang mga lahok na may tatak ng koreo pagkatapos ng hatinggabi ng Marso 17, 1951 ay hindi na kikilalanin.
4. Ang mga kupon na sariling gawa ay tatanggapin din.
5. Ilakip sa bawa't sagot ang dalawang (2) **takip na may dila** ng karton ng Purico. Ang mga takip ay maaaring kunin sa 1-lb. o 1/2-lb. na karton ng Purico.
6. Maaari kayong magsali ng kahit na ilang sagot na inyong nais, kung ang bawa't sagot ay lalakipan ng **takip na may dila** ng karton ng Purico, kamukha ng nasasabi sa patakaran No. 5.
7. Ang mga sagot ay hahatulan ayon sa katumpakan, kalinisan, at kalinawan ng pagsulat.
8. Sa paghahatol, ang pagbabatayang mga libro ay ang sumusunod: "A Brief History of the Philippines," revised edition, copyrighted 1947 ni Leandro H. Fernandez; "Philippine History for Catholic High Schools," copyrighted 1947 ni Gregorio F. Zaide; at ang "Philippine Geography," 1946 edition, ni Miller and Polley.
9. Ang paghahatol ay pamamahalaan ng Philippine Manufacturing Company. Ang pasiya ng mga hurado ay pangwakas at pagtitibayin.
10. Ang mga gantimpalang sumusunod ay ipagkakaloob sa pinakamagaling na sagot sa tatlong "TEST:"


| | | |
|---|---|---|
| 1—DAKILANG GANTIMPALA<br>Bahay at lupa, saan mang dako sa Pilipinas, na nagkakahalaga ng P10,000.00 o kaya | P10,000.00 | Salapi |
| 7—Unang Gantimpala (Pang-pook) na tig-P1,000 ang isa | 7,000.00 | Salapi |
| 20—Ikalawang Gantimpala na tig-P100.00 ang isa | 2,000.00 | Salapi |
| 100—Ikatlong Gantimpala na tig-P20.00 ang isa | 2,000.00 | Salapi |
| 2000—Ikapat na Gantimpala na tig P2.00 ang isa | 4,000.00 | Salapi |
| 2128 Gantimpala na may kabuuang | P25,000.00 | Salapi |

11. Isang unang gantimpala ang ipagkakaloob sa pinakamagaling na lahok na magmumula sa bawa't isa sa pitong pook na sumusunod:
    1. **Northern Luzon:** Abra, Batanes, Cagayan, Ilocos Norte, Ilocos Sur, Isabela, La Union, Mt. Province, Nueva Vizcaya, Pangasinan.
    2. **Central Luzon:** Bataan, Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna, Nueva Ecija, Pampanga, Quezon, Rizal, Tarlac, Zambales.
    3. **Greater Manila:** Caloocan, Malabon, Manila, Paranaque, Quezon City, Rizal City, San Juan, San Pedro Makati.
    4. **Southern Luzon:** Bicol Provinces, Catanduanes, Marinduque, Masbate, Mindoro, Romblon.
    5. **Eastern Visayas:** Bohol, Cebu, Leyte, Samar.
    6. **Western Visayas:** Antique, Capiz, Iloilo, Negros Occ., Negros Or., Palawan.
    7. **Southern Philippines:** Camiguin Is., Basilan, Mindanao provinces, Sulu.

    Ang pinakamagaling na lahok sa pitong magkakamit ng unang gantimpala na nasasambit sa itaas ay siyang pagkakalooban ng dakilang gantimpala na isang bahay at lupa na nagkakahalaga ng P10,000.00 o P10,000.00 salapi.
12. Kung sakaling magkaroon ng patas sa mga magwawagi, magkakaroon ng pang-apat na "TEST" upang matiyak kung sino ang dapat tumanggap ng mga gantimpala. Kung pagkatapos ng pang-apat na "TEST" ay mayroon pa ring patas, magbibigay muli ng dagdag na "TEST" hanggang matiyak ang tunay na mga magwawagi.
13. Ang pangalan ng mga magwawagi ay itatala sa Free Press, Bulaklak, Bisaya, Hiligaynon, Bannawag at Sunday Times sa lalong madaling panahon pagkatapos ng timpalak.
14. Walang pakikipagsulatang gagawin sa sinumang kalahok sa timpalak na ito.
15. Kung nais ninyong tumanggap ng karagdagang sipi ng Test No. 1 ay humingi kayo nito sa inyong kalapit-tindahan o dili kaya'y magpadala ng sobreng may selyo (halagang P.05) na nakasulat ang inyong pangalan at tinitirahan sa Advertising Department, P. O. Box 2506, Maynila.

# Isang BAHAY at LUPA

**(O SALAPING ₱10,000.00)**



## AT **2,127** IBANG MAHAHALAGANG GANTIMPALA

## Kabuuan-- ₱25,000.00

MAYROONG ISANG MAGWAWAGI SA INYONG POOK — MAARING MAGING **KAYO!**


Opo, kayo man ay maaring magwagi sa timpalak na ito... gaya nang natuklasan ni Marcelo Alvaran ng Malolos, Bulakan (ang mapalad na nagtamo ng 1950 Chevrolet) at libu-libong iba pa na nagsipagwagi sa nakaraang Timpalak ng STAR Margarine. Upang magtagumpay sa bagong timpalak na ito ng Purico ay kailangan lamang ninyong bumuo ng tatlong "TEST" na napakadaling gawin kung susundin lamang ang mgá patakaran. Opo, napakadali ng mga "TEST" ...at ang mga hurado ay walang pinapanigan — kanilang nililitis na mainam ang bawa't sagot. Kaya't ang inyong pag-asa ay totoong malaki kung ang inyong sagot ay tumpak, malinis at madaling basahin.

HUWAG NANG MAGPABAYA — kayo'y maaring magkamit nitong DAKILANG GANTIMPALA na isang BAHAY at LUPA na nagkakahalagang ₱10,000.00 o ₱10,000.00 salapi. TANDAAN — mayroong 7 unang gantimpala na tig-₱1000 na ipagkakaloob sa pinakamagaling na lahok sa bawa't isa sa 7 iba't ibang pook, at 2,120 iba pang gantimpala na lahat-lahat ay may kabuuang ₱25,000.00.

Kung ang inyong lahok ay siyang pinakamagaling na tinanggap mula **sa inyong pook** (gaya nang nasasabi sa mga patakaran), kayo'y pagkakalooban ng isa sa 7 pang-pook na unang gantimpala na ang halaga ay tig-₱1,000.00. Bukod pa riyan, kung ang inyong nagwaging lahok ay siya ring pinakamagaling sa mga magwawagi ng 7 unang gantimpala, matatamo rin ninyo ang DAKILANG GANTIMPALA na isang BAHAY at LUPA (o ₱10,000.00 salapi) kamukha nang nasabi na.

### NAITO ANG PARAAN UPANG MAGWAGI

HALIMBAWA




Isang listahan ng mga barrio, bayan at lalawigan ang nakatala sa kupong pang-lahok. Ang bawa't pook na ito ay may makasaysayang kahulugan ukol sa paghihimagsik ng mga **revolucionariong Pilipino** laban sa pamahalaang Kastila. **Saan sa mga nakatalang pook nagkaroon ng unang labanan bilang simula ng himagsikan?** Kung matiyak na ninyo ang kasagutan sa tanong na iyan, isulat ang pangalan na inyong napili sa mga **estrella** (isang letra sa bawa't **estrella**). Pagkatapos, pumili ng sampung (10) **ibang** pangalan sa listahan at isulat ang mga ito sa mga kuwadradong guhit na **pahalang** mula sa kaliwa. Ang mga pangalan na ito ay dapat ayusin sa kuwadradong guhit, upang ang mga letrang nakasulat sa mga **estrella** ay tumama sa pagkakabanghay ng mga pangalan na pahalang. Ang isang pangalan ay maaaring gamitin na minsan lamang sa bawa't sagot.

Halimbawa (tignan ang halimbawa): Ang mga letrang B I A C N A B A T O na nasa mga **estrella** ay tumatama sa pagkakabanghay ng mga pangalan na nakasulat na pahalang: 1. BAMBANG, 2. RIZAL, atbpa. Nakita na ninyo ang kadaliang gumawa ng lahok na mááaring magtamo. Lalong malaki ang inyong pag-asang manalo kung higit sa isang lahok ang inyong ipadadala.

## PURICO TEST NO. 1

**Listahan ng mga pook sa Pilipinas na may makasaysayang kahulugan**

| | | |
|---|---|---|
| BALINTAWAK | MONTALBAN | TARLAC |
| BAGUMBAYAN | MALOLOS | INDANG |
| BUENAVISTA | CAVITE | UMINGAN |
| PUGAD-LAWIN | SAN ISIDRO | MANKAYAN |
| TAGKAWAYAN | LA UNION | PAMPLONA |
| BIACNABATO | NAIC | BAMBANG |
| BABASOAIN | GUIMBA | RIZAL |
| PALANAN | LAGUNA | LIAN |



**TIMPALAK NG PURICO, Dept. 5**
**P. O. Box 2506, Maynila.**

**Ako ay sumasangayon sa mga Patakaran ng Timpalak. Kalakip nito ang dalawang (2) takip na may dila ng karton ng Purico.**

**Pangalan:** ..................................................
**(Isulat nang maliwanag)**

**Tinitirahan:** ..................................................

**Pangalan ng aking tagapagbili:** ..................................................

**Tinitirahan ng aking tagapagbili:** ..............................

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

**(KARUGTONG)**

Ikalawa: Na nagtanggol man at nagtatanggol pa nang buong katapangan ang USAFFE, ay nakikita namang nadadaig ito hangga ngayon ng lakas ng Hukbong Hapon at alinsunod sa takbo ng mga pangyayari, makapapatas man o makahihigit kaya sa lakas ang Usaffe, ay hindi sa ngayon, kundi pagkaraan pa ng aywan kung gaano kahabang panahong ipaghihintay.

Ikatlo: Na sa mga lalawigang naaabot na ng Hukbong Hapon, ay nangaiwan ang lahat ng taong-bayang hindi kasama sa laban at dapat silang itangkakal hanggang sa magagawa, na babagayan náman ang mga pangyayari, hindi lamang sa nauukol sa kanilang mga kapakanan, sa pag-aari at kabuhayan, kundi higit at una sa lahat, sa kanilang mga buhay.

Ikaapat: Na ang pagtatangkakal at pangangalagang ito ay kailangang gawin sa madalian, upang kung mangyayari'y huwag magtiis ng gaanong hirap ang sambayanan.

Ikalima: Na kung pagmamakabayan ang humawak ng sandata, lumaban at magpakamatay sa larangan ng digma upang ipagtanggol ang Pilipinas, ay gawaing makabayan din at kapuri-puri pa, na sa kaparaanang ipahihintulot ng kaaway, ay iligtas sa mga kalupitang bunga ng digma ang maraming taong-bayan.

Ikaanim: Na hindi maalaman, at sinuman ay di makatitiyak, kung gaanong panahon ang itatagal ng ganitong katayuan, nguni't umiksi man o humaba ang panahon ay may kabutihang talaga ang pakikipag-unawaan sa kaaway at nang mapigil, kung sakali, ang pagkasalantang sukat abutin ng marami.

Iyan ang mga katwiran. Tungkol naman sa kung paano maitatayo ang pamahalaan, ay tatlo ang paraang tanging magagamit, alinsunod sa kanya:

Una: Isang pamahalaang hawak na lubos ng mga hapon.

Ikalawa: Isang pamahalaang hawak din ng mga hapon, nguni't katulong ang mga pilipinong may mga katungkulan sa dati nating pamahalaan na nakababatid at nakaaalam ng mga kailangan ng bayan; at

Ikatlo: Isang pamahalaang hawak din ng Hapon, na ang katulungin naman ay ang mga Pilipinong kalaban dati ng mga nasa pamahalaan.

Sa ganyang mga paraan lamáng makapagtatayo, at kung wala nang mga paraan kundi ito, ay alin kaya ang pinakamabuti, na pakikinabangan ng lahat? Ang sagot ay maliwanag na di na dapat pang tukuyin; kaya't nang lumaganap sa bayan ang ganitong mga dahilan at matwid, ang pagngingitngit na nagpadilim sa mga isipan ay napalitan ng hinahon at pag-asang hindi magpapakaligaw sa landas na dapat taluntunin ang mga nagsisang-ayong tumulong sa mga hapon.

Gayon man, ang mga mailap, na sa mga suliraning-bayan ay hindi agad lumulusong kundi nagsisipanood pa muna, ay nangakapagsabing mabuti mang maipalalagay ang nangyari, ay dapat pa ring hintin sa mga darating na araw kung anong talaga ang ibibunga ng gayong inanyo. Sapagka't nangangamba sila, na ang pagtulong na iyong alinsunod sa mga matwid na nakaaabot sa kaalaman ng bayan, ay maipalalagay na isa rin ngang paglilingkod sa kapakanan nito, ay pakahuluganan ng iba ng mga hapon at hindi kilanlin at huwag igalang ang banal na sanhing nagtulak sa ating mga kababayang ihandog ang kanilang sarili; at kalimutan nang sila'y mga katulong at hindi mga utusán. Mabuti kung ang kanilang panunungkol ay ipagamit na talaga sa pagpapanauli ng kapayapaan, sa pagpapabalik ng katiwasayan, sa pagkakaroong muli ng mga batis ng kabuhayang ikalalayo sa pananalat at pagkakagutom, sa ikapapaanyo ng katayuan ng mga maralita, sa ikaaayos ng mga kaguluhan at ligalig na nakabantang maghari sa malalayong kabáyanan at nangakukubling mga nayon, sa ikawawastong madali ng naging masigalot na kabuhayan ng mga manggagawa, na mula nang magkadigma'y nabubuhay nang di maalaman kung paano at saan kukuha sa darating na mga araw ng kakanin at ipakakain sa dating nagsisiasa sa tulo ng kanilang pawis. Mabuti, kung sa mahahalagang bagay na itong pasigaw na humihingi ng madaliang lunas, ipaukol ang kanilang panunungkol, sapagka't ang bayan ay makatitighaw sa mabigat na kahirapang tinitiis at binabata; nguni't kung hindi at sila'y samantalahin at kasangkapanin sa paggigiit ng mga layon ng bansang hapon sa digmaang ito, ay ano ang mangyayari? May matwid kaya baga ang bayang pilipino na magtaksil sa Estados Unidos at ito'y talikuran upang yakapin na nang buong puso at kataimtiman ng damdamin ang ipinagmamalaking adhika ng Hapon sa kanyang panggugubat na ito sa Dulong Silangan ng daigdig? Alipin baga ng Estados Unidos ang Pilipinas nang ito'y mapasok ng Hapon? Hindi ba totoong isang malasariling pamahalaan ang kanyang inabot dito, na ganap at lubos na nakapangyayari sa loob ng Kapuluan, at pawang pilipino ang nagpupuno buhat sa kataas-taasang Pangulo, hanggang sa kababa-babaang pulis? Hindi ba katunayan, na sa mga utos na nananagot sa katiwasayan at kapanatagan at dito'y kabilang na rin ang mga hapon pati ng mag-anak, ng mga taong-bayan at mga dayuhan, ay pawang pilipino ang nagpapatupad? Maikakaila ba, na ang malasariling pamahalaan at ang mga mamamayan ay siyang nag-aari, naghahawak, namamahala at nagpapala sa mga lupain at likas na kayamanan ng bansa, nang ang hukbong hapon ay dumating na kaladkad ang sakuna at hilahil? Maitatanggi kaya, na ang Pilipinas ay inabot ng pataksil na paglusob ng Hukbong Hapon, sa kanyang kasalukuyang pagtapos ng matibay na balangkas na pagsisilungan sa walang pagsalang tatamuhing kasarinlan sa 1946, at sa paghahandang ito ay siya lamang na nag-iisa ang nagpapanaha at nagbabalak, na wala namang panginoong nag-uutos?

Kung ito ang mga katotohanang hindi maikakaila, na bukod sa nakikita na ay nadarama pa, ay ano nga't ipalalagay na tubusin sa pang-aalipin ng puti ang mga pilipino at pagmimithian ang kanilang

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

ni D. R. IÑIGO

Upang maragdagan ang elektrisidad na itinutustos sa Maynila at sa mga bayang kanugnog ay mamadaliin ang pagpapagawa sa planta sa Lumot, Laguna, ayon kay Filemon C. Rodriguez, tagapamahala ng National Power Corporation. Kanyang sinabing kinakailangang palakasin ang korienteng itinutustos dahil sa bubuksang maliliit na industria.

Natagpuang bagaman pinasinayaan kamakailan ang himpilang Rockwell ng Manila Electric Company ay hindi rin sapat ang elektrisidad na itinutustos sa mga pangangailangan araw-araw.

Ang planta sa Lumot ng NPC ay magkakahalaga ng kabuuang isang angaw na piso at kalahati kung mayari at ito ay makararagdag sa korienteng idinudulot ng na sa Kaliraya.

---

Ang kabuuan ng nadagdag na panglaan na pangdaigdig ng bansa sa loob ng 1950 ay umabot sa $84,600,000 inihayag ng Banko Central. Ang inilaki ng salaping panglaan ay kinikilalang utang una-una, sa halos pagtitimbang ng kalakalan, napalit nito hanggang P30,000,000 ng tinalikdang taon ang kalamangan na P630 angaw noong 1949.

Ang paglakad at ang pagtaas ng halaga ng mga produktong pangluwas ng Pilipinas, na tinambalan ng paghihigpit ng mga inaangkat, ay siyang mga pangunang kadahilanan ng iniunlad ng pagtitimbang ng iniluluwas at binibili sa labas, ipinaliwanag ng banko.

---

Nabawasan ng 13 porsiento ang dami ng mga bahay na ipinatayo sa Maynila sa tinalikdang taon kung ihahambing sa napatala ng sinundang taon, ayon kay Juan J. Carlos, pangulo ng Samahan ng mga Kontratistang Pilipino. Iniulat niyang noong 1949 ay 5,166 bahay ang itinayo samantalang noong 1950 ay 4,609 lamang.

Ang kabuuang halaga ng sá una ay P56.636.875 samantaláng sa ikalawa ay P42,252,260. Ipinaliwanag pa niyang ang inihina ay lalong masusukat kung isasaalang-alang na ang halaga ng mgá kágámitan sa konstruksion noong 1949 ay mababa kay sa noong 1950.

Sinabi niyang lalong makulimlim ang kalagayan sa kasalukuyang taon dahil sa iiral na mgá bagong pabuwis at takda sa pinakamababang sahod na magpapalaki sa gugulin sa paggáwa.

---

Ang nahimaymay na abaka sa Pilipinas sa nakaraang taon ay naragdagan ng 239,213 bulto kung ihahambing sa itinala noong 1949, ayon sa mga ulat na inihayag ni Placido L. Mapa, pangulo ng Rehabilitation Finance Corporation.

Isinasaad sa ulat na ang nahimaymay ng sinundang taon ay 513,720 bulto samantalang noong 1950 ay 752,933 o katimbang ng 1,505,866 pikul. Sinabi ni Mapang ang pagdami ay bunga ng patakaran ng RFC na pagtustos ng gugulin sá pagtatanim ng abaka.


Kanyang iniulat na mahigit sa 900 mag-aabaka sa buong kapuluán ang pinautang ng mapupuhunan na umaabot sa anim na angaw na piso.

---

Itinagubilin ni Salvador Araneta, kalihim ng pag-uugnay sa kabuhayan, na itangi muna sa pagbabayad ng buwis bilang isang bago át kinakailangang industria, áng isang pabrika ng lapis na bagong tayo sa Malabon, Rizal at ari ni Dominador Canlas.

Ang mga makinariang gagamitin ay inangkat mula sa Hapon. Ang kahoy na kailangan ay dito kukunin sámántálang ang karbon na inaangkat ay malapit nang mapalitan ng "graphite" na namimina sa Sebu.

Noong bago magkadigma ay walang gawaan ng lapis sa kapuluan at ang pagbubukas ng pabrika nito ay nakatutulong sa pagtitipid ng dolyar. Noong 1948 at sa unang anim na buwan noong 1949 ay umaabot sa P1,330,456 ang halaga ng lapis na inangkat sa unang taon at P680,296 sa huling panahon.



*Ang na sa kaliwa ay si Francisco (Koko) Trinidad, tagapamahala ng DZFM, nang ipinagkakaloob kay Teniente-Koronel Carmelo Z. Barbero, pinuno ng tanggapan sa pagbabalita sa madla ng kagawaran ng tanggulan, ang isinaplakang palatuntunan ng Edong Mapangarap at Gloco Big Top. Ang plaka ay ipadadala sa mga kawal na Pilipinong na sa Korea.*

---

Ang Samahan ng mga Industrial na Pilipino ay humirang ng lima kataong bubuo sa isang delegasion na sasama sa mision sa pangangalakal na ipadadala sa Hapon sa hindi malalaunan, inihayag ni Jose P. Marcelo, pangulo ng samahan.

Ang mga nahirang ay sina Hilarion G. Henares ng MC Asbestos Paint Company, Servillano G. Batac ng Philippine Tiles, Teofilo D. Reyes ng Triple A Battery Company, Jose Fernandez Zorilla ng National Printing Company at Bill Obligacion ng Oriental Machineries. Si Efren V. Mendoza ng bahay-kalakal na taglay ang pangálán niya ay hinirang na panghalili.

Ang delegasion ng samahan ay sasama kina Filemon Rodriguez ng National Power Corporation, pangulo Eduardo Taylor, tagapamahala ng Cebu Portland Cement Company at Juan Ledesma ng National Settlement and Development Company, mga kagawad.

Ang layunin ng mision ay masuri ang mga paraan sa pagpapaunlad at sa pagpapakilos sa mga bago at pangtahanang industria sa Hapon, at matalos ang mga paraang maisasagáwá sa Pilipinas. Ang pangkat ay mananatili doon sa loob ng tatlong linggo.

---

Iniulat ng kawanihan ng kalákál na sa loob ng linggong natapos noong Disiembre 23 ng 1950 ay nakapagtala ito ng 13 tanging mangangalakal, ang pito nito ay mga Pilipino na may puhunang umaabot sa P232, 603.36 at anim na Intsik na may kapital na P89,396.

Tumanggap din ito ng susog sa kahilingan sa pagtatala ng isang tanging pangangalakal ng isang Pilipino. Ang mga tanging mangangalakal na itinala sa sinundang linggo ay 43, ang 40 nito ay mga Pilipino na may puhunang umaabot sa P1, 275,500 at tatlong Intsik na may kapital na P33,000.

Sa loob ng nabanggit na panahon din ay 85 pangalang pangalakal ang ipinatala, ang dami ng mga may-ari ayon sa kanilang bansang kinaaaniban at puhunang napapaloob ay ito: 47 Pilipino, puhunan, P3,793,942.50; 35 Intsik, P498,763.13; dalawang Pilipino-Amerikano P92,000 at isang Danes, P10,000.

---

Ang mision sa pakikipagkalakalan ng Hongkong na dumating noong Mierkoles ng hapon ay patuloy sa pagsusuri sa iba't ibang malalaking bahay-kalakal at pagáwáán sa Maynila at sá mgá kanugnog na purok. Kahapon ay dumalaw sila sa Jacinto Rubber and Plastic Company, Inc. at sa Marcelo Steel Corporation. Sa dakong hapon ay dumalaw sa Araneta Institute of Agriculture.

Ngayong araw na ito ay mamamahinga sila, subali't bukas ay nakatakdang dumalaw sa Manila Trading Center, sa International Oil Factory at sa Ang Tibay Shoe Factory. Sila ay pararangalan ng pamahalaan sa Sabado, Enero 20.

Sinabi ng patnubay ng mision na maraming labis na puhunan sa Hongkong at ito ay ninanais na gámitin sá Pilipinas at sa mgá ibang bansa sa Timogsilangáng Asia. Kanyang idinugtong na ang kolonia ay nagsikip sa mga takas na kapitalista, tekniko at dalubhasa.

Ipinahayag ni Pedro J. Campo, kalihim ng Samahan ng mga Mangangalakal na Pilipino, na ang lumalabis na puhunan sa Hongkong ay lubhang kinakailangan sa pagpapaunlad sa mga likas na kayamanan dito at ang pangangalakal na pagangkat at pagluluwas ay nagsisikip na ngayon.

## Pangungulila

(Karugtong ng na sa p. 9)

nilakang buhok ng ina; hinagkan sa noo. Napahikbi ang binata. "Babalik din ako, Inang."

"Maghihintay kaming lagi, Anak ko!"

Lumapit ang kanyang Ama at ipinatong nito ang kanyang mga palad sa balikat ng binata. Mga mata na lamang nila ang nagsipangusap.

"Kuya Peping, ano ba ang pasalubong mo sa akin pag-uwi mo?" ang tanong ni Maneng na tila hindi nakadarama sa dalamhating naghahari.

"Ibig mo ba ng 'hunting knife'?" Pinangko ng binata ang bunsong kapatid.

"Hanting naip! Hanting naip!" at humulagpos sa mga bisig ng kanyang Kuya si Maneng. "Efren, Ate Nita, Tonya, Inang, narinig ba ninyo?" Siyang-siya ang "kutong lupa".

"Anita, Tonya, huwag sana ninyong pababayaan si Ináng at sina Maneng. Efren, huwag ka na sánáng maglilibot. Tutulungan mong lagi si Ama sa kanyáng mga gawain sa bukid. Si Kalakian ay alagaan mong mabuti. At si Putol nga pala, Maneng, ay huwag mo nang tatalian. Hayáán mo na siyang gumala sa bukid. Panahon ngayon ng mga pugo, ah."

Minsan pang hinagkan ang kulubot na noo ng namimighating ina, saka tuluyan nang lumisan.

"Patnubayan ka ng Dios!"

Sinagasa nina Peping at Cesar ang masukal na landas. Bago naghiwalay ang dalawa'y mahigpit na nagkamay. Sa kaunaunahang sandali'y nadama ni Peping ang lubos na pangungulila... "Cesar, huwag mo lamang sanang pababayaan ang áking ina at mga kapatid, gayon din si Rosing." Hindi nailihim ng binata ang basag niyang tinig. Halos sumabog ang nagsisikip niyang dibdib...

### V


Itinapat ng kawal sa kanyang dibdib ang munting dasalán; idiniit sa labi at hinagkán. Tumitig sa kaitaasan. Muling bumalong ang luha sa kányáng mga mata. Bughaw ang langit na nakatunghay. May ilang ibong nagliliparan sa maaliwalas na papawirin. Anong gánda ng kalikasang may dahuyo sa isang kaluluwang sakbibi ng hindi matingkalang pagdurusa... at...

"Magbabalik ako, mga Mahal ko; Oo, babalik ákо sa inyong piling upang hindi na umalis kailan man!" Humahagulgol na ang yayat na kawal.


### VI

Isang malakas na hiyaw; isang putok; isang umaangil na punglo. Naglaho sa balintataw ng dalawang matang hilam sa luha ang isang karetang hila-hila ng matabang kalakian naglaho ang mga mapagmahal na sakay ng kar a; ang binatang humahabol na naka-sumbalilong balanggot; naglahong ganap ang masarap na pasalubong.

Hindi nagbabago ang bughaw na kalangitan. Aliwalas rin ang walang hanggang kalawakan at nakatunghay pa rin ang kaaya-ayang papawirin sa isang kaluluwang ilang sandaling nanabik at umasam — isang kaluluwang laong nangulila... (X)



# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. Bangan ng katalinuhan
5. Gaham
9. Inumipan
14. Supot ng bigas
15. Umang
16. Gawing umang
17. Habi
18. Salungat, laban
19. Libot
20. ....Linda bituing babae.
22. Huwag itikom
24. Paslit (kinaltas ang unang titik)
25. Pabrika ng serbesa (pang-titik)
27. Idapa
29. saron (pinalutong na balat)
32. Mangangalakal ng surplus
33. Diin ng paa
37. Kapaniwalaang panglipi
[illegible] Patuyuin
40. Bantog na muog ng Pransia
42. Ang "Limang Aklat ni Moises"
45. Kalahating dosena
46. Ingay ng manok
47. Gobernador ng Leyte
48. Tatak ng gatas sa lata
50. Niebe (sa ingles, kinaltas ang huling titik)
51. Lapiang tagasalungat
53. Pinagsunugan
55. Bayad
58. Karaniwang pinagmumulan ng sakit
60. Pangalang babae
64. Ibong sinagisag ni Balagtas
66. Karaniwang ibon
68. Tabak
69. Buruhin
70. Unang tao
71. Palakpak
72. Arka
73. Pangabay na pamanggit sa panahon
74. Areglado (sa ingles)

**PABABA**

1. Pulo
2. Katagang pananong ng kinalalagyan
3. Maliit na sukat
4. Kabalitaan ng UP
5. Pinagbigasan
6. Kakaning malangis
7. Dalang pabitin
8. Inihiram
9. Bistayan
10. Kawawa
11. Lungsod sa Kamarines Sur
12. Pilit
13. Kastilang ipinahayag ang sarili na gobernador-heneral, na may luklukan sa Bakoor, noong 1762
21. Pasimulang ulan
23. Pangalang intsik
26. Inuminang kristal
28. Toreng di tapos sa kapatagan ng Shinar
29. Malaking pulo sa Kabisayaan
30. Ginapas
31. Puno
34. Tinuyong ubas
35. Aklat ng kasaysayan ni Hesukristo (kinaltas ang unang titik)
36. Gabara
38. Ugit
41. Batong anting-anting
43. Nagngalit na bulkan sa Sisilia
44. Ulan ng yelo
48. Pananalig
49. Produkto sa grasa
52. Alfredo
54. Punong-kahoy na ang bunga'y inaatsara
55. Mahinang suleng
56. Bayan ng toreng pahilig
57. Kabayong may malalaking taynga
59. Katagang panguro
61. Bibi
62. Lagaing saging
63. Hila sa kamay
65. Panghulapi
67. Katagang panimula

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan








## Nagsipanalo sa PALAISIPAN noong Disiembre 31

1. **Rosita Marzan** — 353 Madrid, Binondo, Maynila
2. **Juan del Rosario**—Barihan, Malolos, Bulakan
3. **Gloria Salvador**—320 Int. 12, Visita, Pako, Maynila
4. **Pacifico Zulueta** — Sta. Maria, Bulakan
5. **Virgilio Montecillo** — Candelaria, Quezon

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad suskripsion ng Panglinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot sa PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.

(Ang mga ipadadala sa PALAISIPAN ay hindi pababalikan.)

## May Lihim . . .

(Karugtong ng na sa p. 13)

paurong-sulong!

—Fidel kangina ka pa ba?

—Kagaya nang dati, laging nauunang maghintay!

—Hindi ka ba nainip kung ako ay hinihintay mo?

—Hindi kailan man, sapagka't nalalaman kong darating ka: sinasabi ng agos sa sapang ito na darating ka... darating ka, Flora!

—Kung halimbawang hindi ako dumating?

—Malalaman ko rin, sapagka't hindi aagos ang tubig ng sapang ito upang huwag niyang makita ang kabiguan ko sa hindi mo pagdating!

Mga matang lihim na sumusubaybay sa pagniniig ng magkasi ang nawala sa siwang ng mga halamang pinangungublihan. Ang mga yapak na maingat sa paglikha ng ingay ay muling bumatong sa mga naunang bakas na naiwan sa tabing sapa.

—Bukas na bukas din ay babalik tayo sa Maynila... para maputol ang kabaliwan mong iyan! —parang kulog na dumaragundong ang tinig ni Donya Bebang, na gumuguhit sa buong kabahayan.

Kung may ingay mang napapasalit, ay wala kundi ang iniimpit na mga hikbi ng anak na dalagang nagtitimping mabulalas ng panangis.

—Hindi ka na nakutya na pumatol sa isang kung-sinong tagapastol lamang ng kalabaw... ba! Akala ko ba'y ayaw mong mag-asawa at gayon na lamang ang paghabag mo kay Dr. Sante... nagdahilan kang nais mong magbakasyon dito para malayo sa tukso; iyon pala'y ikaw ang una-unang magbibigay ng kahihiyan sa iyong magulang!... Hindi maaari... hindi maaari! Bukas din... uuwi tayo!

Matagal nang nakapikit si Flora ay hindi rin nagupiling kahi't saglit. Pinipilit niyang inaamo sa kawalan ang kanyang magdamag, ay sumasalungat naman ang kanyang damdaming pinamimlyapis ng kanyang di mawaksing gunigunì... ng nagbabangong pangitain... ng nagpipiglas na salagimsim!

Nagbangon si Flora... marahan ang kanyang pagkabangon. Kinapa ang buton ng dagitab; pagkasalat ay pinindot at nanikip ang kaliwanagang sumiksik sa kanyang silid.

Sa karatig-silid, ang Mama ni Flora, ay hinagkan ng anag-ag ng liwanag. Ang noo nito'y dinantayan agad ng maagap na ulirat. Matagal na nakiramdam si Donya Bebang; sinusukat ng kanyang kutob ang bawa't kilos ng anak na nilalamay ang paglalayag ng magdamag!

—Nakatulog din ang kapritsa! —anas ng matandang babae, na parang tumitiyak, makaraan ang mahabang sandaling mawaksi ang liwanag sa silid ng dalaga.

Patiyad na lumabas ng silid si Donya Bebang at nakikimatyag na binuksang maingat ang pinto sa silid ng kanyang anak.

Himbing na himbing na si Flora!

Itinalaga ni Donya Bebang ang ano mang mangyayari sa panghihimasok sa silid ng dalagà; ano kung magising ito, siya naman ay inang nakapangyayari sa anak.

Pinapagliwanag niya ang silid... isang liham na tiniklop na ang natudla ng kanyang mga mata sa loob ng kahon ng tukador na kanyang hinila. Dinampot niya ang liham; nang mabulatlat ay inilapit sa bombilya at tinunghayan.

**Aking Fidel,**

**Natuklasan ng Mama ko ang pag-iibigan natin. Salungat siya sa itinitibok ng àking puso. At ang lalong masaklap, Fidel... ay iuuwi ako ni Mama sa Maynila upang ilayo sa iyo! Bukas ay luluwas na kami.**

**Fidel, ikamamatay ko na malayo sa iyo! Iligtas mo ako... sundan mo ako sa Maynila... oh, Fidel!**

**Hihintayin kita... maghihintay ako...**

**Iyong-iyo,**
**FLOR**

**Habol—ito ang direksion namin:**

**1551 Florida, Maynila**

Pinaram ng Mama ni Flora ang liwanag sa silid saka walang kakilakilatis na tinungo

(Buklatin sa pahina 19)




## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng na sa pa. 13)

sa dulong Silangan. Samakatwid ay kailangan munang maging panginoon ang Hapon, maging makapangyarihang magkakaroon ng karapatan sa buhay at pag-aari ng nagsisipamayan sa mga bansang ibig niyang kasangkapanin, makapagpasiyang lubos sa mga lupain at likas na kayamanan ng mga bayang kanyang masasakop; na anupa't ang ibig niyang magawa, ay daraanin sa panlulupig at pambubusabos.

Ito ang tunay na ikinatatakot ng bayan at ipinag-aatubili sa paniniwala sa sinasabi ng Hapon na mga dakilang bagay na nagtulak sa kanya sa pakikidigma ngayon. Hindi makapaniniwala ang pilipino sa kanyang sinasalita, pagka't nakikitang iba ang ginagawa, kaya't sa pagkakatanggap ng tungkol ng mga kababayang nagsisitulong ngayon sa Hukbong Hapon, bagama't maliliwanag ang mga dahilan at matwid na kanilang pinanghawakan, ay may mga naghihintay ng kanilang gagawing panunuparan, sakaling sa ganitong bagay sila hingan ng tulong.

—Ngayon natin panoorin ang bangkang palalayagin — ang naisasaloob ng maraming nag-aalinlangan, na tila ang ibig sabihin, sa tuwiran at tiyak na salitaan, ay kung mga **lalaki nga o lala-lalakihan** lamang ang nagsitanggap ng tungkol.

### PINAGKAKATIWALAAN O HINDI?

Isang araw ng buwan ng Pebrero ng 1942 at nang halos magdadalawang buwan nang ang Maynila ay nasa kamay ng mga kaaway at sa tahimik kong paninirahang lingguhan sa maliit kong bukirin sa hanggahang pahilaga ng bagong lunsod Quezon, ay isang pasundo ang dumating sa akin. Kailangan ako sa bahay, sa dahilang hindi naman masabi ng sumundo.

Taglay ang agam-agam sa hindi ko maalamang sanhi ng gayong pagkakapasundo, na ako'y madaling lumakad at nang dumating sa aming tirahang pangsamantala sa Kamaynilaan ay natalos kong ang sanhi pala ay ang pangangailangan sa akin ng mga manggagawa ng nga Batalyon, na hindi pa nakasisingil ng dapat nilang sahurin sa ginawang mga araw bago makapasok ang Hukbong Hapon. Dahil a nakaraang maraming mga araw na hindi ko na ipinakialam sa bagay na ito at sa pangyayari namang ang tseke na may halagang limampung libong piso na pambayad nga sa mga taong ito, ika-29 pa lamang ng Disyembre ng 1941 ay nasa kamay na ng Kalihim Guinto, ay pinagtakhan ko rin ang pangangailangan pa sa akin gayong ang katotohana'y tapos na ang aking tungkulin sa gayon at alo pa sa mga araw na itong wala naman akong kinalaman sa baong pamahalaan. Naaalala ko pa, na ang ukol na pagpapatotoong aigawa nga ng mga tao ang mga araw na nasasabi sa katibayan ng paniningil, ay akin nang nalagdaan, bilang pangalawa ni G. Guinto, noong nakatayo pa ang C.E.A. at buong kasabikang hinintay ko ang kinabukasan upang makipagkita kay G. Guinto, na tumanggap na ng bagong katungkulan at siya ngayong Alkalde ng Malaking Maynila.

Kinabukasan at nang ako ay nasa bahay-pamahalaan ng Maynila na siyang pinaglagyan ng tanggapan ng bagong Alkalde, ay naalaman ko sa ilang kaibigang manggagawa, na ang dahilan pala ng kanilang pagkakapagpasabi sa bahay na ako ay kailangan, ay ang pagnanais nilang maipaliwanag ko sa mga naghihinalang ako ang may-sala ng di pa pagkakasingil, ang katotohanan ng mga pangyayari, sapagka't ang mga inip na inip na sa pagsingil ay nangagkakamali sa pagpapatotoong ako ang nagiging sagwil, hanggang sa sandaling iyon, ng pagkaantala. Aking niliwanag sa mga nagkakamali ang di-katumpakan ng kanilang palagay at bagaman dapat na sanang matapos hanggang doon ang aking pakikipag-unawaan sa mga naiinip ay minabuti ko na rin, alang-alang sa maraming nangangailangan ng kanilang pinagpaguran, ang makipagkita kay G. Guinto. Dito'y nalaman ko na ang ipinahihintulot daw lamang ng mga hapon na magugol sa halagang aking nakuha na ₱50,000.00 bago sila makapasok upang mabigyan ng gawain ang mga manggagawang walang hanapbuhay, ay ₱9,000.00 mahigit o kaya'y ang kabuuang inaabot ng pinatibayan kong bilang ng mga araw na naigawa at ang pagbabayad ay ipinaghihintay na lamang ng tapusang pasiya ng kung sinong pinuno ng hukbo na nagsisiyasat ng gayong mga babayarin. Iyon na lamang ang kulang sapagka't ang iba pang kailangan ay tapos na, pati ang pagpapahintulot ni G. Vargas, na Pangulo ng Lupong Tagapagpaganap. Nang ako'y magtanong sa aking kausap kung ano't pahintulot na pala ng Pangulo ng Lupon ay ipaghihintay pa ng panibagong pasiya ng Hukbo, ay isinakli sa aking gayon daw ang palakad ngayon, na ang lahat ay sa Hukbo manggagaling.

Ikinagdamdam ko ang aking narinig, sapagka't ang kahulugan ng gayon, sa maliwanagan, ay kawalan ng pagtitiwala, na aywan kung dinaramdam din ng mga nagsisipanungkol sa bagong pamahalaan; at sa mga kaibigang manggagawang naroroon at nagsisipaghintay ay ibinalita ko, pagkalabas, ang malapit-lapit nang pagkasingil ng kanilang pinagpaguran. Bagay na nangyari naman at natupad, alinsunod sa nabalitaan ko pagkatapos. At iilang araw lamang ang nakaraan sa pagkakapagsadya ko sa tanggapan ng bagong Alkalde. Sa gayon natapos ang matagal na paghihintay ng mga manggagawang ito.

## Mahal Pa Rin Kita!

**Ikaw ay umalis**
**sa sariling nayo't sa lunsod lumipad**
**na kimkim sa dibdib**
**ang isang mithiing matanghal kang Dilag;**
**akong nagmamahal**
**na puso sa iyong dakila at tapat,**
**hindi mo pinansi't**
**ni pinag-ukulan ng munti mang habag.**

**At, nagkapalad kang**
**ang lunsod sa iyong kagandahang angki'y**
**humanga't sumamba...**
**ikaw'y napatampok na isang Bituin;**
**subali't, nang ikaw**
**sa katotohanan ay biglang magising,**
**oh, ikaw'y isa nang**
**lagas na bulaklak sa palad ng lagim!**

**Dapit-hapon noon**
**sa sariling nayon nang magbalik ikaw...**
**at, nakita kitang**
**sa tabi ng batis... magpapatiwakal;**
**nguni't, ang dibdib mo**
**nang tatarakan na ng isang balaraw!**
**ako'y napatakbo't**
**may luha sa matang kita'y hinadlangan...!**

**—MELITON C. GAYNILO**




## May Lihim...

(Karugtong ng na sa p. 17)

ang kanyang iniwang silid. Pinailaw ang dagitab; pumilas ng gayon ding papel sa kahon ng mesita. Binuksan ang pluma at sinimulang ititik ang kanyang binistay sa isipan.

Pagkalagda sa liham ay inulit na binasa. saka tiniklop na kasing-hawig din ng tiklop ni Flor sa liham nito na kanyang natuklasan sa kahon ng tukador. Ang sulat naman ni Flora ay kinuyumos niya at ipinukol sa labas ng durungawan... sa bughaw at tahimik na sapang gumagapang sa ibaba.

Muling nilisan ni Donya Bebang ang kanyang silid at nagtuloy sa tutulugan ng anak. Ang kanyang niyaring liham ang siyang inilagay sa kahon ng tukador bilang kapalit sa unang natagpuan doon.

Sa pagkakasalagmak ni Fidel sa malaking tipak na bato ay nawiwili niyang minamasdan ang nakalunoy niyang mga paa na sumusugat sa agos ng tubig sa sapa. Ang alimbukay sa kanyang paanan ay lumilikha ng tilamsik na lumulukso sa agos na patuloy walang tahan... walang maliw.

Tiningala ni Fidel ang kaliwanagang hindi niya matitigan, kaya inihanap ng kaginhawahan ang kanyang mga paningin sa dakong pinagmumulan ng agos.

—Bakit kaya hindi pa siya dumarating... —ang saloobing nagbabangon sa kanyang pagbubulay-bulay, na parang ibig sumuko sa kainipan. —Hindi pa siya nagkukulang nang mga nakaraan... lalong hindi siya magkukulang sa mga darating... paririto siya... paririto siya... si Flor...

Muli niyang idinako sa pinanggagalingan ng agos ang kanyang naghahanap na paningin... isang lakas ang humigop sa kanyang kabuuan na lumusong sa gitna ng mababaw na sapa. Isang bulaklak na lulutang-lutang na tangay ng agos ang pinaghandaang salukin ng kanyang palad... at nakuha naman niya!

Sa tangkay ng rosas ay nakaipit ang isang liham na buong pananabik niyang binulatlat at inunawa.

Ang titik niyang natambaran.

**Fidel—limutin mo na ako! Ang ginawa ko'y isang paglilibang lamang upang magamot ang sugat sa pusong nilikha ng di pagkakaunawaan ng tanging lalaking pinakaiibig ko sa Maynila. Nguni't ngayong nagkaunawaan na kami ay kabaliwan na lamang na linlangin ko ang sarili.**

**Bukas ay uuwi na kami ng aking Mama upang ihanda ang aming nalalapit na pagharap sa dambana. —FLOR.**

Bahagya nang naulinigan ni Fidel ang halinghing ng kalabaw na tinatablan ng kalpitang dumadarang sa maitim nitong balat. Walang lakas ang kanyang mga tuhod na inihakbang na pausad sa katihan; mga hakbang na ayaw nang habulin ng labusaw ng nasusugatang tubig. Nalamukos niya ang liham; nang magluwag ang kanyang mga daliri ay parang bola itong sa pagkalaglag ay sinalo ng tubig. Nabitiwan na rin ng isang palad niya ang bulaklak na dahil sa pagkakakuyom ay nawakal ang mga talulot na nangag-unahang humalik sa linaw ng sapa at patianod na humabol sa lulutang-lutang na kuyumos na papel.

—Ungaaa... ungaa...

—Hmmm... —anas ni Fidel, na parang tinitipid ang kabuuan ng kanyang tinig. —ito na lamang ang huling araw natin dito; bukas ay ililipat na kita ng silungan, hindi na tayo babalik dito... sa tabing-sapang itong naging libingan ng aking pusong nagtiwala sa kagandahang magdaraya pala ng isang [illegible]...

—Ungaaa...


Ang mga yapak ng kalabaw na bumabaon sa libis ng kaburulan ay mga bakas na naiiwan... palayo nang palayo sa tabing-sapang pinaglunuyan ng magkasing pinapaghiwalay nang hindi pagkakaunawaan... matangi na lamang kung pamamagitanan ng makatarungang panahon ang kanilang muling paglalapit!

Samantala... sa sapang iyon ay mananatiling may lihim ang agos!. (X)



# *Kutis na walang kapintasan!*






Jewels by R. Rebullida, Inc.

**ANANG MAPANUKSONG SI LILA LUNA**

## *"Lagi akong gumagamit ng Camay"*

**"Salamat sa Camay, ako'y handang humarap sa kamera sa lahat ng sandali. Sapagka't ang bulang nagpapatingkad sa kagandahan ng Camay ay pinananatiling malinis, malambot at makinis ang aking kutis ...at ang tumatagal, at kaibig-ibig na halimuyak ay tanging kasiya-siya."**

**SA INYONG UNANG PASTILYA NG CAMAY — kayo man ay makatitiyak sa isang kaiga-igaya't kaibig-ibig na kutis. Subukin sa sarili! Gumamit ng Camay ngayon! Hahanga kayo sa inyong bagong kaibig-ibig na kutis na "tulad ng sa mga bituin sa pinilakang tabing"... at ang nakagagayumang halimuyak ng Camay ay nag-aanyaya ng romansa. Ang Camay ay matipid pa rin.**



**CAMAY PATI SA PALILIGO**
Katangi-tanging pinabango, ang Camay ay pananatilihin kayong maganda at kaibig-ibig. Matagal na kayong nakapaligo ay namamalagi pa rin ang kahanga-hangang halimuyak mahinhing halimuyak na naka-aakit sa kalalakihan.

**ITINATANGI NG MGA BITUIN**

# CAMAY

*Ang Sabon ng Kagandahan*